## Magbabago ang proseso kapag ang isang taong nagbibisikleta ay nakagawa ng paglabag sa trapiko.

**Simula Abril 1, 2026, ang mga taong may edad 16 pataas na nagbibisikleta ay papatawan ng asul na tiket kapag nakagawa ng ilang partikular na paglabag sa trapiko. Ang mga taong makakatanggap ng asul na tiket ay kailangang magbayad ng multa sa loob ng itinakdang panahon.**

Ang mga pangunahing paglabag sa trapiko ay ang mga sumusunod



### ① Paggamit ng cellphone (habang nagbibisikleta)

・Hindi pinapayagan na gumamit ng cellphone habang nagbibisikleta, tulad ng paghawak at pag-operate nito o pakikipag-usap sa telepono.

・Kapag lumabag, ang multa ay 12,000 yen.



### ② Pagpasok sa nakababang barrier ng tawiran ng tren

・Sa tawiran ng tren, hindi pinapayagang pumasok kapag tumutunog ang alarm o kapag nakababa ang barrier.

・Kapag lumabag, ang multa ay 7,000 yen.



### ③ Pagsuway sa ilaw trapiko kapag red light

・Hindi pinapayagang pumasok sa intersection kung hindi sinusunod ang ilaw trapiko.

・Kapag lumabag, ang multa ay 6,000 yen.



### ④ Hindi pansamantalang paghinto sa stop sign

・Sa mga lugar na may stop sign at stop line, kinakailangang huminto nang isang beses bago sa stop line.

・Kapag lumabag, ang multa ay 5,000 yen.



### ⑤ Pagsakay ng dalawang tao sa iisang bisikleta at sabay na pagtakbo nang magkatabi

・Hindi pinapayagan na sakyan ng higit sa isa ang isang bisikleta na para sa isang tao lamang. Kasama dito ang pagsakay sa likod na bahagi ng karaniwang bisikleta.

・Hindi pinapayagan ang sabayang pagtakbo ng higit sa isang bisikleta nang magkatabi.

・Kapag lumabag, ang multa ay 3,000 yen.